LIGHT READING
customer newsletter

Enero/Pebrero 2008

Ang Panahon ng Bagyo ay Nandito Na

Ang panahon ng bagyo ang pinaka-madalas na sanhi ng kawalan ng kuryente. Maaaring maghanda para sa kawalan ng kuryente sa pamamagitan ng paghahanda ng emergency kit sa iyong bahay, sa iyong kotse, at sa trabaho. Isama sa kit ang mga sumusunod: flashlight, de-susing orasan, de-bateryang radyo, mylar na kumot, light sticks at mga baterya. Huwag gumamit ng kandila o ano mang bagay na may bukas na apoy sa panahon ng kawalan ng kuryente sapagka't ito ay di-ligtas. Para sa iba pang impormasyon sa paghahanda sa kawalan ng kuryente, bisitahin ang **www.seattle.gov/light/** o **www.seattle.gov/emergency/** o **www.govlink.org/3days3ways/**.

Simpleng Impormasyon tungkol sa electric generators

- Palaging gumagamit ng portable na generator sa labas, malayo sa bintana o lagusan ng hangin. Ang usok mula sa mga generator ay nakamamatay. Importanteng palabasin ang usok upang di ito pumasok sa loob ng iyong bahay.

- Maraming klase, sukat at presyo ng Generators. Ang pinaka-simpleng klase ay maliit at ang portable na generator na naghahatid ng kuryente sa pamamagitan ng extension cord na nakasaksak ng diretso sa mismong gamit sa bahay na nais gamitin kung walang kuryente gaya ng refrigerator at mga lampara.

- Palaging sundin ang alituntunin mula sa gumawa ng generator kung gagamitin ito.

- Huwag idugtong sa mismong lagusan ng kuryente sa bahay ang generator. Ang mga gamit sa bahay na gaya ng furnaces at water heater ay nangangailangan ng mas espesyal na sistema ng kurdon ng kuryente na maaaring paganahin ng generator . Kailangan ng **transfer switch** upang gumana ang generator na maaaring ikabit ng diretso sa kuryente ng bahay. Ang switch ay kailangang ikabit ng lisensyadong electrician, at kailangang inspeksyonin ng Seattle Department of Planning and Development, at aprobado ng Seattle City Light.

- Ang di tamang pagkabit at paggamit ng kagamitang ito ay maaaring makapinsala sa iyong pamilya at sa mga trabahador.

Para sa iba pang impormasyon, bisitahin ang **www.metrokc.gov/permits/fire/safety/generators.aspx**.

Babala para sa Tagatangkilik

Ang mga tagatangkilik na may apilyidong mula sa ibang bansa at nakatatanda minsan ang nakatatanggap ng tawag mula sa mga manlolokong nagpapanggap na empleyado ng City Light. Ang manloloko ay maaaring magsabi na may problema sa kabayaran ng tagatangkilik at pagkatapos ay hihingin ang impormasyon ng iyong credit card upang ayusin ito kunyari.

- Huwag ibibigay ang impormasyon ng iyong credit card sa telepono. Kunin ang pangalan at numero ng telepono ng tumawag sa iyo na nagsasabing siya ay empleyado ng City Light.

LIGHT READING
customer newsletter

Babala para sa Tagatangkilik (itutuloy)

- Tumawag sa City Light sa telepono **(206) 684-3000** sa oras ng trabaho (Lunes - Biyernes, 7:30 ng umaga hanggang 6:00 ng hapon) upang alamin kung may problema sa iyong kabayaran. Sabihin sa kanila ang tungkol sa tumawag sa iyo na humihingi ng impormasyon ng iyong credit card.
- Hindi hinihingi ng Seattle City Light sa kanilang mga tagatangkilik ang impormasyon ng credit card upang magbayad sa telepono.
- Hindi namin tinatawagan ang aming mga tagatangkilik tuwing Sabado at Linggo.
- Ang City Light ay nagbibigay ng dalawa o mahigit na babala sa tagatangkilik na di nagbabayad at malapit ng putulan ng kuryente. Aming sinasabihan ang mga tagatangkilik na tawagan ang utililidad upang magbayad.

Pagtulong sa Iba

Kung nais mong tumulong sa ibang nahihirapang magbayad ng kanilang kuryente, tumawag sa telepono **(206) 684-3000** o magbigay ng donasyon online sa **www.seattle.gov/light/help/share/**. Ang iyong kontribusyon ay tax deductible, at 100 porsyento ay diretsong ibinibigay at pinakikinabangan ng mga tagatangkilik na nangangailangan. Ang Proyektong Mamahagi ng City Light ay programang pinag-iipunan ng donasyon mula sa mga tagatangkilik.

Upang humingi ng tulong sa pagbabayad ng singil mula sa programang Proyektong Mamahagi, ang mga tagatangkilik ay kailangang napapaloob sa mababang kinikita kada buwan. Kung may mga katanungan ukol sa Proyektong Mamahagi o sa aming programa para sa mababang kita, tumawag sa **(206) 684-3000**.

Maraming Salamat mula sa mga nakatanggap ng tulong galing sa Seattle City Light at sa Proyektong Mamahagi!

Babala sa aming Tagatangkilik

Ang singil sa utilidad ay madalas na ginagamit na ebidensiya bilang katunayan ng tirahan. Ang mga pangalan ng bawa't taong nagbabayad ng singil ay kinakailangang nasa account. Kung ang iyong pangalan ay wala sa account, di ka maaaring magkaroon ng patunay ng tirahan. Tumawag sa telepono **(206) 684-3000** upang hilinging idagdag o ibawas ang iyong pangalan sa account. Maaari lamang ihanda ang iyong adres ng serbisyo at numero ng account pagtawag.

Katotohanan ukol sa compact fluorescent bulbs (CFBs) at mercury

- Ikaw ay maaaring makakuha ng diskwento kapag ikaw ay bumili ng ENERGY STAR na tatak ng CFBs. Upang malaman kung saan maaaring bumili ng diskwentong bumbilya, bisitahin ang **www.seattle.gov/twistandsave**.
- Ang City Light ang gumawa ng programa ng konserbasyon sa enerhiya dahilan sa ang CFB ay gumagamit ng 75% ng mas konting enerhiya at nagtatagal ang buhay ng sampung beses kumpara sa regular na bumbilya.
- Ang CFBs ay mayroong konting napapaloob na mercury na maaaring makasama sa kapaligiran kung lumabas sa nabasag na bumbilya, (**www.epa.gov/mercury**). Ang CFBs ay totoong ligtas na gamitin. Maaari lamang huwag itapon ang CFBs sa basurahan. Kailangan itong i-recycle.
- Ang impormasyon sa pag-recycle ng CFBs ay maaaring mahanap sa **www.takeitbacknetwork.org** o sa pagtawag sa telepono **(206) 296-4466**. Ang mga kasaling negosyo ay maaaring mag-recycle ng CFBs at straight fluorescent tubes sa maliit na halaga.